EMBASSY OF THE REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
سفارة جمهورية الفلبين
MANAMA

**ABISO**

Ang Embahada ng Piliipinas sa Kaharain ng Bahrain ay malugod na ipinababatid ang paglulunsad ng panibagong *Financial Assistance Program* para sa mga kuwalipikadong OFWs na mapapagkalooban ng *Flexi Permit/Visa* ng *Labor Market Regulatory Authority (LMRA)* simula sa ika-6 ng Oktubre 2019.

Ang Embahada ang magpupondo o sasagot sa kabayaran para sa *Flexi Permit/Visa* na may bisa na isang taon at ang unang dalawang buwan na buwanang hulog para sa karapatdapat na 200 na aplikante batay sa sumusunod na pamantayan ng LMRA:

1. Ang stado ng *work permit* ay marapat na *"terminated"* ng hindi lalagpas sa 31 July 2019 (hindi kabilang ang mga may hawak *Domestic Work Permit*, ayon sa pamantayan ng LMRA);
2. May hawak ng *Philippine passport* na may bisang hindi bababa sa anim na buwan;
3. Unang beses pa lang na mag-*apply* para sa *Flexi Permit, at*
4. Walang nakabinbing kaso sa *police* o korte *(runaway, travel ban, etc.)*

Ang mga nagnanais mag-apply ay maaring iberipika ang kanilang *eligibility* sa pamagitan ng mga sumusunod na hakbang:

1. Bisitahin ang LMRA *website* sa www.lmra.bh;
2. Sa Express Services tab (gitnang bahagi ng *webpage*), itala ang iyong *CPR number* sa ilalim ng *ID tab:*
3. Ipapakita ng *LMRA system* kung kuwalipikado kang mag-*apply* para sa *Flexi Permit.*

Pinapaalalang ang mga itinuturing na kuwalipikado sa *LMRA system* ay isasailalim pa rin sa kinakailangang *clearances* ng LMRA at ibang kaugnay ng tanggapan para kumpirmahin ang pinal na *eligibility*.

Kung makukumpirma ng LMRA *system* na kuwalipikado kang mag-*apply* para sa Flexi Permit, magtungo sa Embahada sa mga oras ng may opisina (8am hanggang 3pm) upang opisyal na irehistro ang inyong *application* para sa *Financial Assistance*. Dalhin ang mga sumusunod:

1. Ang iyong *pasaporte* na may bisang hindi bababa sa anim ng buwan;
2. Kopya ng pasaporte;
3. Kopya ng CPR; at
4. Isang *1x1 photo.*

Ang Embahada ay nagtayo ng *registration at assistance desk* para tumanggap ng mga *application* para sa *Financial Assistance Program.*

Ang lahat ng nagparehistro sa Embada ay i-iendorso sa LMRA para sa karagdagang pagbibiripika ng *eligibility.* Matapos ito, ang Embahada ay magpupondo para sa kabayaran ng Flexi Permit ng unang 200 na kwalipikadong aplikante na naaprubahan at i-iendorso ng LMRA.

Salamat.

**Ika-6 ng Oktubre 2019**

PHILIPPINE EMBASSY MANAMA

Villa No. 939, Road No. 3220, Block 332, Mahooz, Manama, Kingdom of Bahrain
Tel No. (+973) 17721234 / Fax: (+973) 17720827
www.manamape.dfa.gov.ph